Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

****

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 72

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

****

KAPASIYAHAN BLG. 351
Serye ng 2023

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG PAGBATI AT PAGPUPUGAY KAY KAGALANG-GALANG IRWIN C. TIENG, KINATAWAN NG IKA-5 DISTRITO NG MAYNILA, DAHIL SA KATANGI-TANGING TAGUMPAY SA LARANGAN NG PAGIGING LINGKOD BAYAN AT ISANG HUWARANG MAMBABATAS

MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.,** KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. JAYBEE S. HIZON, JR., KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II at **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya

SAPAGKAT, sa kanyang husay sa paglilingkod at pagtulong sa mamamayan na kanyang nasasakupan, si Kongresista Irwin C. Tieng ay biniyayaan ng pagkakataong maglingkod bilang Kinatawan ng Singko Distrito ng Maynila at kasalukuyang pinuno ng Committee on Banks and Financial Intermediaries;

SAPAGKAT, una nang naging Mambabatas sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas si Kongresista Irwin C. Tieng sa Lungsod ng Quezon noong ika 14, 15, at 16 na Kongreso, bilang nagbabalik na miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan, matagumpay niyang naipapamahagi ang serbisyo at tulong ng Pambansang Pamahalaan at malinaw niyang naipapahayag at natutugunan ang mga hinaing ng kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT, si Kgg. Irwin C. Tieng ay naging bahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Maynila at naglingkod bilang Konsehal ng ika-5 Distrito ng Maynila noong ika-10 at ika-11 Konseho. Siya ay hinirang bilang nangungunang Konsehal ng Singko Distrito ng Maynila;

SAPAGKAT, noong ika-8 ng Oktubre 2022 sa Okada Manila, Lungsod ng Pasay, si Kongresista Irwin C. Tieng ay binigyan ng pagkilala ng Asia's Pinnacle Awards 2022, isang prestihiyosong grupo na nagbibigay ng karangalan, bilang "Asia's Most Exemplary Leader in Public Service and Outstanding Legislator";

SAPAGKAT, sa Asian Institute of Management, Lungsod ng Makati ay pinarangalan si Kongresista Irwin C. Tieng bilang "Outstanding Congressman" ng Superbrand Marketing International, Inc., ang nag iisang International award-giving body on branding sa ating bansa. Nagawaran si Kongresista Irwin C. Tieng ng parangal na ito dahil sa kanyang kakayahan at pamumuno bilang isang Kinatawan ng Kongreso ng Pilipinas noong ika-17 ng Mayo 2023;

SAPAGKAT, sa pagdiriwang ng ika-122 taong pagkakatatag ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila noong Hulyo 31, 2023, kinilala at pinarangalan si Kongresista Irwin C. Tieng bilang "Distinguished Legislator of Manila" sa kanyang hindi matatawaran at kakaibang uring paglilingkod na nagdala sa kanya pabalik sa Kongreso ng Pilipinas: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapahayag ng pagbati at pagpupugay kay Kagalang-galang Irwin C. Tieng, Kinatawan ng ika-5 Distrito ng Maynila, dahil sa katangi-tanging tagumpay sa larangan ng pagiging lingkod bayan at isang huwarang mambabatas.

PINAMUNUAN NI:

MACARIO M. LACSON
Pangulong Ransamantala
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 8 ng Agosto 2023.

PINATUNAYAN:

LUCH R. GEMPIS, JR.
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv//egv/jrp